


LOVESTRUCK

Sweetheart Edition



Ronald Molmisa



OMF LITERATURE INC.

Manila, Philippines

All Scripture quotations, unless otherwise stated, are taken from the *Holy Bible: New International Version*®.
Copyright © 1973, 1978, 1984 by Biblica.
Used by permission of Zondervan

LOVESTRUCK: Sweetheart Edition

Copyright © 2015 by Ronald Molmisa

Cover design by Nixon Na

All illustrations by Nixon Na based on an illustration by Cyrop.com

Typesetting by Marianne Ventura

Published (2015) in the Philippines by

OMF Literature Inc.

776 Boni Avenue

Mandaluyong City, Metro Manila

www.OMFLit.com

ISBN 978-971-009-460-8

e-ISBN 978-971-009-474-5

Printed in the Philippines

Contents

Preface

Acknowledgments

Chapter 1 Garden Wedding 15

Chapter 2 Ikakasal Ka na? Sure Ka ba? 30

Chapter 3 Match Made in Heaven 48

Chapter 4 Magkaibang Mundo 60

Chapter 5 Real Talk 73

Chapter 6 Make Peace, Not War 85

Chapter 7 Kapag Napaso sa
Kaning Isinubo 98

Chapter 8 Tonight, I Celebrate
My Love for You 113

Chapter 9 Sinuksok Ka ngunit Kulang 122

Chapter 10 Totoo ang Forever 131

Appendix: Wedding Checklist 137

Endnotes



Preface

Niloob ng Panginoon na lumawak ang naaabot ng Lovestruck books—mula Ilocos hanggang sa Compostela Valley, mula Singapore hanggang Italy, Australia at iba't ibang panig ng Europe at America. Five years ago, nagsimula ako sa pagtalakay sa romantic adventures ng mga teenagers at estudyante, then tumalon sa mga issues ng mga singles, hinarap ang sexual struggles ng karamihan at ngayon ay magtatangkang unawain ang mundo ng pag-aasawa.

Ano pa ba ang mairadagdag ko sa sandamukal nang libro on marriage? Ang motibasyon ko lamang ay tulungan ang mga clueless na may asawa sa paksang ito at sana ay may mapulot silang magandang tips kahit paano. Para sa mga singles din ito dahil it is never too early to prepare for marriage.

Hindi talaga ito ang plano kong isunod sa *Sakit Edition* pero kailangan kong makinig sa pangangailangan ng panahon. Maraming puwersang nagtulak sa akin para tapusin ang volume na ito. Lumabas ang resulta ng Social Weather Stations (SWS) survey na nagsasabing 3 sa 5 Pinoy ang pabor sa pagsasabatas ng diborsiyo sa bansa.¹ Hindi na ako nabibigla sa ganitong balita dahil dumarami talaga ang mga dysfunctional families. Mas pinapatunayan lamang nito na ang pag-aasawa ay hindi pinapasok nang basta-basta. Malaki ang pagbabayaran mo kapag nagkamali ka. Prevention is still much better than cure. Kabikabila rin ang lumalapit sa akin for premarital and marital counseling. Maraming local churches ang kulang sa systematic processes at materials para makapagpayo sa mga marriables.

Nakadagdag din sa “push mo yan” factor ang induction ko sa “ninong” season with my first two inaanak sa kasal this year. Marami pang nagpaparinig na mag-ninong rin daw ako sa kasal nila in the near future. Ako na ang ninong ng bayan kapag nagkataon. Ito ang munti kong regalo sa kanila upang makapagsimula ng maayos na pamilya. I and my DearestGie also celebrated our 10th anniversary this year. It is also an opportune time to share with you what has made our relationship stronger and better.

I interviewed 95 married Pinoys and at least 300 Pinoy singles while writing this book. Sa dami ng dapat maisama sa librong ito, minabuti kong magdagdag ng dalawang chapters (sa usual na walo). Makikita rin ang “PUSO SA PUSO” section sa pagtatapos ng bawat chapter para magamit ninyo sa inyong small group discussions or personal reflection/Bible study.

The overarching message of this edition: Paghandaan natin ang pag-aasawa na isang “make or break” factor sa ating buhay.



Lahat ng aking libro ay produkto ng pagmamahal ng mga taong naniniwala sa ministryong ipinagkatiwala sa akin ng Panginoon. Hindi ko sila puwedeng kalimutan. Mahaba-haba ang listahang ito subalit this is the least I can do to thank them.

Laging nangunguna sa listahan ang nag-iisang perlas ng buhay ko, ang aking DearestGie. Siya ang kasama ko sa puyatan at paglagok ng ilang mugs ng kape habang tinatapos ang librong ito. She provided insights sa mga chapters ng libro at naging research assistant ko pa. Saan ka pa? Baka next time, co-author ko na siya. DearestGie, rumaragasa ang ibinubuhos mong pag-ibig sa akin. I am looking forward to more romantic adventures with you. Kung uulitin ang

buhay kong ito, ikaw pa rin ang pipiliin kong makapiling bilang kabiyak.

Walang hanggang pasasalamat sa aking butihing ina at ama—Nanay Cita at Tatay Boy—at ever-supportive na mga utol—Kuya Arnel and family (Gazel, Lance and Lyle), Bongbong and family (Betchie, Matt and Ced), Carlo at Lene, Jonathan and family (Aya, Zaijan and Penpen) at Marlon.

Kakabit ng puso namin ni Gigi ang aming mga anak sa Generation 3:16 Ministries: Fedelo at Allen Larong, Allan Flores, JR Larong, Aruel Mendoza, Jan Louise Ocariza, Ricky Oniadia, Erika Argete, ang magkakapatid na Daryl, Haziell at Racquel Osina, Arianne Sarmiento, Arlyn Reyes, Nicky Torbeles, Yhel Vallar, Jillver Ronquillo, Mar-ann Alberero, Raiza Marie Cuba, Gilbert Pataueg, Michael Kagakit, Daryl Balean, Mary Joy Mangaliman, at Mary Jane Tingas. Patuloy na maglingkod sa Panginoon!

Pinagpala ako sa pagkakaroon ng mga reliable na katuwang sa Lovestruck Movement, ang aking executive staff: Pastor James Ivan, Eartha, Akie at Meeka Feliciano (Jesus Intercessors Baptist Church-Paranaque), Pastor Jay at Lhen Mendezona (Church so Blessed International-Taytay), Pastor Ron at Rigel Fortaleza (Marikina Christian Fellowship), Pastor Leovin Pangilinan

(Youth Impact Christian Ministry-Pasig), Pastor Welfert Cardona (CityLife Church-Pasay), Pastor Jonjon at Conerlyn Obar (Crossline Christian Church/Ministers for Valenzuela's Progress Chairman), Pastor John Michael Sales (Road to Zion Christian Ministries-Cavite), Mama Kerlyn Rufino-Bobadilla, Christian at Ichi (Christ's People Christian Church-Antipolo), Don King Evangelista (Church of Grace-Navotas), Abigail Chua (Jesus is the Sure Foundation Christian Church), at Jhoy Paste (Christ the Good Shepherd Church-Calooan).

Hindi matatawaran ang sipag at hataw ng Lovestruck seminar facilitators sa pag-abot sa mga churches at schools: Mark Martin Soriano (IRM-Cainta), Pastor Jaime Ibanez (Door of Faith-Calooan), Pastor Edwin Ryan Villagomez (Camarines Norte and Bicol region), Bethel Bumanglag (Ilocos and Isabela region), Carla Bautista (Bataan) at Marian Erika Terredano (Young Focus-Tondo).

Dahil sa mga area/ticket coordinators na ito, napaka-exciting at napakagaan na mag-organisa ng aming Manila at provincial Lovestruck Convergence events: Emily Ferma (Batangas), Esmher Gabayno (Laguna), Leah Marquez (Bulacan), Kristine Lim (Blessed in Christ Church-Calooan), Abigail Mosca (Batangas),

Daisy Tanguilan (Rizal), Tricia Artuz (Laguna), Kepoy Caguiat (Pampanga), MJ Tirona, Pastora Haziel at Bernard Yee (Marikina), Pastor Brix Benitez, Rob Rivera at Jiroh Ong (Pampanga and Tarlac), Shena Rivera De Sola (Pangasinan), Menandro Gopez, Mary Ann Ablihan, DA Luces, Paulo Angelo Sarapat, Stephanie Sison, Christine Santiago, Paul Arthur Grajales, Jillian Sevilla, Vhong Baje, Grace Ubaldo, Carl Apacible, Jhuart Dizon, Christina Sedillo at Josh Caballero.

Commendable din ang ipinapakitang kagallakan at camaraderie ng Lovestruck Worship at Dance Team sa paglilingkod: Jayson and LJ Dolotina, Ava at Viola Canaceli, Mark Gutierrez, Carmela Lao, RM Rodriguez, Chris Pasana, Joana Marie Lor, Rhein Abellera, Arra Joyce Alejandro, Mark David Duran, Benedict Magpayo, Nante at Shiela Morial, Rhain at Ruther Posadas, Selle at Carissa Atancio, Alexandra Canayon, CJ Teodoro Paste, Jeff Manna Nayaw at Pats Pineda.

Isang matinding pasasalamat sa inyong hindi nagmamaliw na suporta at gabay: My OMF Literature family—Ate Beng Alba-Jones (my ever reliable editor), Ate Yna Reyes, Sir Aleks Tan, Kit Cabullo, Ian Magallona at lahat ng bumubuo ng admin, marketing and editorial staff. Salamat kina Atty. Gerald Soto (for legal insights on marriage), FEBC-Pinoy Connection (Sir Dan Andrew Cura,

Ate Rowie at Kuya Efren Pallorina), Philippine Christian Bookstore branches (Fairview, SM-Marilao, Masagana, EDSA, Farmers, Alabang, SM-Dasmarinas, SM-Sta. Rosa), Pages and Promises Bookstore (Sta. Lucia East), CLC-Karuhatan Branch, Pastor Edgar Colinco (Volunteer of Christ), Jayson “Mr Yunique” Lo, Ruther Urquia, Bishop Chito Sanchez (River of God Church/Harvest International Ministries-Philippines) at Pastor Rodel Buban and Intuned/Overflow Band.

Higit sa lahat, ang pinakamataas na pasasalamat ay dapat lamang mapunta sa Diyos ng pag-ibig na nagpapaganda ng ating buhay, sa Panginoong Jesu-Cristo na ating dakilang manunubos at sa Banal na Espiritu na ating tagaliw sa gitna ng kaguluhan at masalimuot na buhay. Maraming salamat po sa Inyong katapatan sa aking buhay. You are the best!





“God created marriage. No government subcommittee envisioned it. No social organization developed it. Marriage was conceived and born in the mind of God.”

— Max Lucado
Christian author

Companionship remains one of the greatest needs of mankind. Gusto natin ng kakaibang closeness sa isang tao. We desire to be accepted, loved and cherished despite our flaws and weaknesses. Ito ang motivation at diwa ng kasal. Binabasag ng pag-aasawa ang pinakamatindi nating kalaban: ang pagiging makasarili.² Sasabayin tayo nito na unahin ang kapakanan at kaligayahan ng ating kabiyak.³

Sa mga mayaman, handa silang gumastos para pabonggahin nang husto ang once-in-a-lifetime event sa buhay nilang ito. Para sa mga kababaihan, isa itong katuparan ng kanilang childhood dream—ang maglakad sa wedding aisle habang naghihintay sa dulo ng altar ang man of their dreams. Para sa mga struggling na mahanap ang kanilang “significant other,” nagkakasya na lamang sila sa kanilang fantasy land kung saan mayayakap nila ang kanilang imaginary prince charming/beautiful princess and they would live happily ever after. No wonder na February, with its romantic atmosphere, ang pinakapaboritong buwan ng Pinoy para magpakasal.⁴

Sabi ng mga skeptics, ang kasal ang dahilan ng maraming hiwalayan kaya mag-live in na lang kung wala rin namang kasiguraduhang magtatagal. In short, huwag magpapaniwala sa forever. Parang ganito ang logic ng marami sa kanila: huwag ka nang sumakay ng jeep, taxi, tricycle at eroplano kasi may posibilidad silang mabangga at mag-crash. Ampalaya ano?

Anupaman ang namana mong pananaw ukol sa pag-aasawa, hindi maitatangi na isa ito sa pinakadakilang mararanasan mo bilang tao. Major decision iyan kaya dapat pinaghahandaan.

Kung nais nating magtatag ng maayos na sam-bahayan sa hinaharap, disiplinahin natin ang ating sarili upang maging matinong asawa at magulang. Ang kasal ang pundasyon ng pamilya na siyang pundasyon ng ating lipunan. Preserve the institution of marriage and we could spare the next generation a lot of troubles.

BACK TO BASICS

Kung nais nating malaman ang tunay na layunin ng matrimonyo, pag-aralan natin ang orihinal nitong disenyo. Anupaman ang sabihin ng lipunan, ng media at ng kung sino-sinong matalinong tao, si Lord pa rin ang magdidikta kung ano ang dapat na maging katangian at anyo nito.

Then God said, "Let us make man *in our image, in our likeness*, and let *them* rule over the fish of the sea and the birds of the air, over the livestock, over all the earth, and over all the creatures that move along the ground. So God created man in his own image, in the image of God he created him; *male and female he created them.*" (Genesis 1:26-27, italics mine)

Ang paglikha kay Adan at Eba ang crowning glory ng creation. Icing on the top. Saving the best for last. Dinisenyo silang *PAREHO* o

kawangis ng Diyos (*tselem elohim* sa Hebreo, *imago Dei* sa Latin). Katulad ng Diyos, ang tao ay may kakayahan ding mag-isip (intellect), makaramdam (emotion) at magdesisyon para sa sarili (will). Sila ang tagapagpahayag ng katangian ng Diyos sa mundo. Ang pangunahin nilang misyon ay maglingkod sa kanilang Manlilikha. Ginawa silang may *PAGKAKAIBA* (*male and female He created them*). Malinaw na dalawang kategorya ang nilikha ng Diyos—lalaki at babae. Huwag nang umalma. Anumang classification in between ay distortion na lamang. Walang gay o lesbian affair sa orihinal na disenyo ng Diyos.

Alam ba ninyong bago pa likhain si Adan at Eba, nasa isip na sila ng Diyos at kung ano magiging papel nila sa mundo? (“*Let them rule...*”). Pareho silang *PINAGPALA* (co-heirs and co-managers) at binigyan ng kapangyarihan na pamahalaan ang lahat ng nilikha. Ang kanilang unang pananagutan ay hindi sa isa’t-isa kundi sa Diyos.

The LORD God said, “It is *not good for the man to be alone*. I will make a *helper suitable* for him.” Now the LORD God had formed out of the ground all the beasts of the field and all the birds of the air. He brought them to the man to see what he would name them; and whatever the man called each living creature, that was its

name. So the man gave names to all the livestock, the birds of the air and all the beasts of the field. *But for Adam no suitable helper was found.* (Genesis 2:18-20, italics mine)

Sa eksenang ito, ini-imagine ko ang Godhead na ngumingiti at sinasabi: “*Humanda ka, Adan, may surprise Kami sa iyo!*” Ipinaunawa nila kay Adan na hindi siya nilikha para maging loner. Nang unti-unti niyang maramdaman na hindi masaya na panay hayop ang ka-fellowship niya, doon ibinigay ng Diyos ang kanyang “suitable helper.” Linawin lang natin ang relasyon ha. Kapag sinabing “helper” hindi ito “katulong” na utusan o alipin. Ang Hebrew word na ginamit ay *ezer neged* na ang ibig sabihin ay opposite o counterpart. Kakaiba subalit kapareho ng status. Hindi kailangan ni Adan ng bubuo sa kanya. Buo na siya bago pa man dumating si Eba. Ganundin ang babae. Ibinigay si Eba kay Adan for relational purposes, upang makasama niya sa pamamahala sa sandaigdigan. Epic ang eksena, di ba?

Ang Unang Mahabang Dulang

So the LORD God caused the man to fall into a deep sleep; and while he was sleeping, *he took one of the man's ribs* and closed up the place with flesh. Then the LORD God made a woman

from the rib he had taken out of the man, and *he brought her to the man*. The man said, “This is now bone of my bones and flesh of my flesh; she shall be called ‘woman,’ *for she was taken out of man*.” (Genesis 2:21-23, italics mine)

PANTAY ang pagtingin at pagkakalikha ng Diyos sa lalaki at babae.⁵ The Bible does not promote hierarchy but rather complementarity. Hindi kinuha si Eba sa lupa kundi mula sa katawan ni Adan. Mas tamang sabihin na kinuha si Eba sa “kalahati” ng katawan ni Adan at hindi lang sa kanyang tadyang. Kung buto lang iyan, aba’y kaytigas ni Eba siguro. Ito ang dahilan kung bakit napa-wow si Adan: “Ito ang buto ng aking buto at laman ng aking laman!”⁶ Sa isang popular na kasabihan, si Eba ay kinuha hindi sa ulo ni Adan upang pangunahan ang lalaki. Hindi rin siya hinugot mula sa kanyang talampakan para apak-apakan. Kinuha ang babae sa tagiliran ni Adan upang makasama niya—kapantay na maglilingkod sa Panginoon sa lahat ng bagay.

Ang Diyos ang nagbigay ng “suitable helper” kay Adan. Ladies, hayaan ninyong si Lord ang magdala sa inyo sa lalaking inyong makakasama sa buhay. Hindi rin naghanap ang lalaki dahil si Lord ang nagbigay. May natural desire ang lahat ng lalaki na hanapin ang babaeng makakasama

niya sa buhay. Men, alam ni Lord ang the best para sa atin. Ang pag-ibig, hindi hinahabol. Kaya hintay-hintay din kahit walang time. “Suitable” o karapat-dapat ang ibibigay ni Lord at hindi basta-basta lang.

Ang kasal ay ang **PAGLALAPIT at PAGTATALI** ng Diyos sa dalawang tao.⁷ Naganap ang unang wedding ng sangkatauhan nang ihatid ni Yahweh kay Adan ang kanyang reyna. Ang divine ceremony na ito ang nagpatingkad ng katotohanan na sila ay “isa na” sa mata ng Diyos. Napaka-glorious ng tagpong ito. Ito ang madalas ninyong makita sa Christian wedding: iniaabot ng ama ang kanyang babaeng anak sa lalaki, habang kumakanta si Adan ng “You will always be a special part of me.” Kakakilig lang.

Huwag nating tingnan ang kasal na isang simpleng legal na kontrata na nakabase sa kung ano ang maibibigay ng mag-partner sa relasyon. Hindi ito *quid pro quo* system (something for something) na madalas ninyong makita sa mga ambilis-bilis makipaghiwalay kapag hindi na nakukuha ang mga demands nila. Ang daling bumibigay. Nanggagaling ang mga prenuptial contracts sa attitude na ito. May assumption na agad na maghihiwalay sila kung hindi magkasundo. Mas marapat tingnan ang kasal bilang isang banal na tipan (divine covenant) o banal

na pamatok (divine yoke) dahil ang Diyos ang lumikha nito at Siyang nagtatali sa dalawang nagmamahalan.⁸ Dahil kasama ang Diyos sa tipan na ito, hindi ito dapat nilalabag kung wala Siyang consent. Being in a covenant means you are unconditionally committed to someone for life.

One Flesh Principle

For this reason a man will *leave* his father and mother and be *united* to his wife, and *they will become one flesh*. (Genesis 2:24, italics mine)

Kapag single ka, malaya kang gawin ang lahat ng gusto mo dahil sarili mo lang iniintindi mo. Kapag kinasal ka na, dapat bagong buhay na. Ang pag-aasawa ay **PAGHIWALAY** (leave) sa poder ng iyong magulang, **PAGDIKIT** (cleave) sa iyong asawa at **PAKIKIISA** (weave) sa kanya. Sequential iyan. Kung hindi ka handang magsarili at tumayo sa sariling paa, hindi mo magagawang ibuhos ang iyong buhay sa iyong mapapangasawa. Ang pagpapakasal ay pagbubuo ng panibagong sistema ng buhay. Hindi sa itatakwil mo na ang mga magulang mo, kundi magbabago ka lang ng iyong primary allegiance. You have to abandon your emotional attachment

and loyalty to your parents and transfer them to your partner. Tapos na ang season ng iyong pagiging Daddy's /Mommy's girl at Mama's/Papa's boy.

Marriage is the most binding of all human relationships. Ito ang proseso ng pag-iisa ng mag-asawa sa lahat ng bagay—physical, emotional, intellectual, social at spiritual (“they will become one flesh”). Sa mata ng Diyos, ang mag-asawa ay isang organismo o isang mekanismo lang. Nagsisimula ang lahat sa pagniniig ng kanilang katawan na nagpapahayag na sila ay para lamang sa isa’t isa. Kapag sinabing “one flesh” (basar in Hebrew), metaphor iyan na ang ibig sabihin ay nagiging “extension” ka ng personalidad ng iyong partner, ganundin siya sa iyo. Mapapansin ninyo ito sa pagdaan ng panahon: You can have the tendency to think the same, act the same, feel the same at kung ano-ano pang “same-same.” Kaya tanungin ninyo ang mga matagal nang mag-asawa, tingin pa lang ng isa, nagkakaintindihan na. Ang iba nga, magkamukha nang talaga! Another trivia: Ang ginamit na Hebrew word for cleave ay *dabaq* na ang isa pang ibig sabihin ay “follow close” or “pursue hard.” Ibinigay sa lalaki ang trabahong araw-araw na ligawan (pursue) ang kanyang asawa upang sila ay maging isa.

Marriage is a Community Project

Masyadong naging “individualized” o “privatized” ang pagpili ng mapapangasawa sa pagdaan ng panahon. Kung dati-rati ay may pakialam ang komunidad at pamilya ng mga ikakasal kung sino ang kanilang pakikisamahan, ngayon hindi na “primary requirement” na sila ay konsultahin sa bagay na ito. Ang resulta: impaired judgment ng ikakasal. Paano natin ito nakikita sa kasalukuyang pakikipagrelasyon? Ihaharap na lamang ang BF/GF sa pamilya nang walang ideya ang mga magulang kung sino siya. You need a community to support and counsel you in your marriage plans. Hindi lang kayo ang pakikisamahan ng inyong boyfriend/girlfriend kundi maging ang inyong pamilya.

Ang kasal ay isang **PAMPUBLIKONG** deklarasyon at gawain (*leave his father and mother*). Lantaran iyan at hindi dapat itinatago. Maging ang batas ay nagtatakda ng witnesses at public place na pagdadausan ng kasal.⁹ Mabigat dalhin ang isang relasyong ilegal at walang blessing ng magulang. Hindi kayo matatahimik dahil alam ninyong may kagalit kayo. Isa sa pinakamalungkot na yugto ng inyong buhay ay kapag wala ang inyong magulang sa inyong pag-iisang dibdib. May kulang.

Para sa mga iiwang magulang: maaring makaramdam kayo ng *empty nest syndrome* o depression

bunga ng pagkawalay ng inyong supling (lalo na kung unico hijo/hija). Kailangang maunawaan po ninyo na may panahon na kailangang putulin ang ilang taling nagdudugtong sa inyo at sa kanya. Nangunguna rito ang “pakikialam string” sa buhay nilang dalawa. Hangga’t hindi po kayo nilalapitan ng mag-asawa, hayaan po ninyong sila ang mag-ayos ng kanilang gusot. Baka mabiktima kayo sa crossfire. Another string ay ang “pera string.” Hindi po masama ang tumulong sa bagong kasal subalit kailangang turuan silang dumiskarte para mabuhay. Gusto ba ninyong kahit panggatas ng inyong apo ay sa inyo pa rin kukunin? Baka maubos ang pensyon at ipon ninyo niyan.

PANGDALAWAHAN (exclusive) lang talaga ang kasal (*united to his wife, not wives*). Love one another, not love another one! Sa isa ka lang dapat faithful. Sa isa ka lang dapat nagbibigay ng buhay for life! Parang relasyon natin kay Lord—sa Kanya lang ang allegiance natin at hindi sa kung sino-sinong mga diyos ng mundo because He is a jealous God.¹⁰ Hindi laging masama magselos lalo na kung bahagi iyan ng pagpapatatag ng relasyon.

Ang pag-aasawa daw ay katulad ng pagpasok sa isang public toilet. Maraming nagmamadali pumasok kasi ang tindi ng pangangailangan.

Kapag nasa loob na sila at naamoy ang baho, gusto naman nilang lumabas! Hep! Hep! **PERMANENTE** at **PANGHABANG-BUHAY** iyan (cleave to his wife). Every wedding is a sacred event with God. This is the reason He hates divorce.¹¹ Ang Konstitusyon na ng Pilipinas¹² ang nagpapahayag na isa itong “inviolable social institution” na hindi puwedeng labagin at kailangang protektahan ng estado. Isa itong “special contract” na kakaiba sa mga kontrata sa negosyo dahil wala itong hangganan at hindi subject for renewal. Sa madaling salita, kapag kayo ay ikinasal, wala dapat sa utak ninyo na kayo ay maghihiwalay.

WHEN MARRIAGE FAILS

Hindi natapos sa kasal ni Adan at Eba ang istorya. Sa Genesis 3 mababasa natin kung paano nilinlang ng kaaway ang mag-asawa upang kainin ang ipinagbabawal na bunga. Nagtagumpay si Taning sa kanyang temptation strategy: aakitin ka sa ganda ng mga bagay sa mundo (lust of the eyes/the food was pleasing to the eye), tatakamin ka niya sa mga luho ng buhay (lust of the flesh/it was good for food) at ipapamukha niya sa iyo na kaya mong maging makapangyarihan (pride of life/you will be like God). Iyan din ang kalimitang

bagsakan ng problema ng mag-asawa—money, sex and power.¹³

Marriage fails when there is disobedience to God. Nang magkasala ang mag-asawa, pumasok ang matinding trahedya.¹⁴ Ang dating maaliwalas na samahan at masaganang pamumuhay kasama ang Diyos, napalitan ng mga pasakit. Doon sila nakaramdam ng kalituhan at takot. Laging kakabit ng kasalanan ang hiya (shame) at guilt. Naging conscious sila sa kanilang kahubaran dahil biglang naglaho ang “glory” ng Panginoon sa kanilang buhay. Natuon na sila sa kanilang sarili at lumabas sa poder ng Diyos.


Nagkaroon ng blame game. Sinisi ni Adan si Eba dahil tinukso daw siya ng asawa. Sinisi ni Eba ang ahas. Mabuti na lang wala nang sinisi ang ahas kundi hindi matatapos ang sisihan. Walang umamin at umako ng pagkakamali. Hindi nagawang protektahan ng lalaki si Eba at pigilan sa pagkakasala. Hindi rin nagawang mag-sorry ng babae. Iyan ang unang pagpapakita ng kasakiman sa sangkatauhan. Kapag may kasalanan, lahat nagiging makasarili. Lahat gustong protektahan ang kanilang interes kahit mapahamak ang iba.

May kakabit na sumpa ang kanilang nagawa. Dahil hindi nagawa ni Adan ang kanyang papel bilang leader at nagpadala sa sulsol ng

asawa, magtatrabaho siya hanggang abutan ng kamatayan (“sa alabok nagsimula at sa alabok din magwawakas”). Kailangan na niyang magbungkal ng lupa upang buhayin ang kanyang sambahayan. Para sa babae: mahihirapan siya sa panganganak. Ang dating pantay niyang status sa lalaki ay naglahong parang bula. Ang lalaki na ang kanyang magiging leader (“. . . he will rule over you”). Hindi lang iyan. Nagkaroon ng battle of the sexes. Lagi nang kakabit ng babae ang damdamin na hangarin ang posisyon ng kanyang asawa (“. . . Your desire will be for your husband . . .”) pero hindi ito madaling gawin dahil sa angking lakas ng mga kalalakihan. Pinapatunayan rin ng kasaysayan na maraming kababaihan ang hindi titigil para pumantay sa kalalakihan sa maraming bagay (liberation movements and feminism).¹⁵ Nabasag ang kanilang tamang pananaw ukol sa pagpapasakop sa kanilang asawa. Ganundin, may tendency ang mga kalalakihan na abusuhin ang paggamit ng kanilang kapangyarihan mapasunod lang ang kanilang mga asawang babae (male chauvinism o macho culture).

Pero may good news. Hindi hinayaan ni Yahweh na maging tragic ang love story ng mag-asawa. Nagbigay Siya ng pangako. Dudurugin

Niya ang gawa ng kadiliman sa mundo dahil may ipapadala Siya—ang Panginoong Jesu-Cristo na namatay para iligtas tayo mula sa ating kasalanan (the seed of the woman).¹⁶ Hawak ninyo ang librong ito para malaman ninyo ang kalooban ng Diyos ukol sa pag-aasawa sa pamamagitan ni Cristo. Kapag isinuko mo ang iyong relasyon sa Panginoon, Siya ang mag-aayos niyan gaano man iyan nadurog ng kasalanan.



1. Noong bata ka pa, ano ang mga ideya mo sa pag-aasawa? May nabago ba sa mga paniniwalang ito?
2. Anong bahagi ng diskusyon sa chapter na ito ang may kakaibang “impact” sa iyong pananaw ukol sa pagpapakasal? Bakit?
3. Palagay mo, bakit maraming takot at umiiwas sa pag-aasawa?
4. Pakidugtungan ang pangungusap na ito: “Kung ako ay mag-aasawa _____.”